THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.19 * Mayo 7 - 13, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# PLTGEN DANAO, JR.: GENERALLY PEACEFUL NLE 2022

sundan sa pahina 3






## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

Alert Levels System for COVID-19

NCR

Alert Level 1

## NPA member arestado sa mismong araw ng halalan

sundan sa pahina 9

## 38 Former rebels, bumoto sa unang pagkakataon sa Davao City

sundan sa pahina 10

## Mahigit Php4M halaga ng marijuana narekober ng Tabuk City PNP

sundan sa pahina 11

## Community Outreach Program sa Caloocan City, isinagawa ng NCRPO


sundan sa pahina 12



## PULISYAPEDIA

**Ano ang escheat proceedings?**

Ang escheat proceeding ay isang proseso kung saan nagsasampa ng petisyon ang Solicitor General upang makuha ng pamahalaan ang mga ari-ariang naiwan ng isang taong walang last will at walang naiwang tagapagmana. Ang konseptong ito ay hango sa prinsipyo na sa bandang huli, ang estado ang may-ari ng lahat ng ari-arian sa nasasaklawan nito.




## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph

Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline

Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Project BUKLAT-MULAT ng Cauayan PNP muling umarangkada




**Cauayan City, Isabela - Muling umarangkada ang Project BUKLAT-MULAT (Libro ay BUKLATin-Mag-aral Upang Landas Ay Tumuwid) ng Cauayan PNP sa Brgy. Sta Luciana, Cauayan City, Isabela nito lamang Miyerkules, Mayo 11, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Lieutenant Colonel Sherwin Cuntapay, Chief of Police ng Cauayan City Police Station, na kung saan 20 kabataan ang nakatanggap ng mga school supplies at mga aklat.

Layunin ng programa na mapalawak ang kaalaman ng mga bata at mahikayat silang magbasa lalo na ngayong panahon ng pandemya.

Ang programang ito ay inilunsad bilang pagsuporta sa Project AKLAT (Adhikaing gabayan ang mga Kabataan at Linangin Ang kanilang kaisipan Tungo sa magandang kinabukasan) kung saan matatamis na ngiti at pasasalamat naman ang naging tugon ng mga benepisyaryo sa kanilang natanggap na regalo mula sa PNP.

Samantala, siniguro naman ng Isabela PNP na patuloy ang kanilang hanay sa paglulunsad ng mga programa upang masuportahan at mapataas ang antas ng edukasyon ng mga kabataan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Mary Joy D Reyes)*

# Parañaqueños Mobile Free Market at Sapatos ni Chief para sa mga Bulilit, isinagawa ng Parañaque PNP



**Parañaque City — Isinagawa ng Parañaque City PNP ang Parañaqueños Mobile Free Market at Sapatos ni Chief para sa mga Bulilit sa Purok 1 Covered Court, Silverio Compound, Brgy San Isidro, Parañaque City nito lamang Miyerkules alas-5:00 ng hapon, Mayo 11, 2022.**

Ang programa ay pinangunahan ni Police Colonel Maximo Sebastian, Jr, Chief of Police ng Parañaque City Police Station kasama ang Community Affairs Section sa pangunguna ni Police Lieutenant Judilyn Kodiamat, mga miyembro ng Parañaque KKDAT, at mga miyembro ng Unified Force Multipliers.

Namahagi ng food packs, school shoes, at health kits sa 230 benepisyaryo na dumalo sa aktibidad.

Nagkaroon din ng Information Drive thru Bandillo at Distribution of Flyers ang hanay ng Parañaque CPS upang patuloy na paalalahanan ang mga benepisyaryo sa lugar na laging sundin ang protocol ng IATF, at higit sa lahat, magkaroon ng kamalayan tungkol sa Anti-Terrorism/ELCAC, Anti-Illegal Drugs, Anti-VAWC at mga tip laban sa kriminalidad.

Ang aktibidad na ito ay naglalayong magpaabot ng tulong at maabot ang mga pinaka-apektadong sektor sa komunidad sa gitna ng pandemyang ito. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*

# Community Outreach Program inilunsad ng Hamtic MPS



**Nagsagawa ng Feeding Program Activity ang Hamtic Municipal Police Station sa Sitio Ilawod, Brgy. Bia-an, Hamtic, Antique nito lamang Martes, Mayo 10, 2022.**

Ang aktibidad na ito ay pinangunahan ni PCpt Horizon Villanueva, Officer-in-Charge ng Hamtic Municipal Police Station, na nilahukan ng mga Brgy. Officials sa pamumuno ni Barangay Captain Isidro Riego, KKDAT members, Force Multipliers at Advocacy Support Group.

Ang aktibidad na ito ay bahagi ng Oplan Pag-ulikid ng istasyong ito at naaayon din sa Programang "Kapwa Ko Sagot Ko" ng PNP.

Hangad rin ng programang ito na pagtibayin ang relasyong ugnayan ng PNP at komunidad upang harapin ng may pagkakaisa at pagtutulungan ang bawat hamon sa lipunan.

# NLE 2022 sa Davao Region, matagumpay at mapayapa

**Davao Region - Matagumpay at mapayapa ang naging National and Local Elections sa Davao Region sa isinagawang pagbabantay ng Police Regional Office 11, noong Mayo 9, 2022.**

Walang naitalang Election Related Incident (ERI) ang naganap sa Davao Region sa araw ng halalan na naging tanda ng mapayapa at ligtas na halalan sa buong rehiyon.

Ito ay bunga ng seguridad na isinagawa ng mga tauhan ng Police Regional Office 11 na nakadeploy sa iba't ibang lugar upang matiyak na ligtas at mapayapa ang pagboto ng bawat mamamayan sa Davao Region.

Bagama't mayroong 27 indibidwal ang naaresto dahil sa liquor ban at isa naman dahil sa gun ban, walang naitalang major incident o anumang nakagambala sa mga aktibidad ng halalan sa iba't ibang lugar sa ilalim ng PRO 11.

Pinuri at pinasalamatan ni PBGen Benjamin Silo, Jr, RD, PRO 11 ang pagsisikap ng lahat ng tauhan ng PRO 11 kabilang na ang mga allied peacekeeping and law enforcement agencies, COMELEC, at iba pang election facilitators gayundin ang lahat ng mamamayan sa kanilang buong kooperasyon at partisipasyon upang maging matagumpay at mapayapa ang 2022 NLE sa Davao Region. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*



# PLtGen Danao, Jr.: Generally Peaceful NLE 2022

**Camp Crame, Quezon City – Inanunsyo ni Police Lieutenant General Vicente D. Danao, Jr., Officer-in-Charge, Philippine National Police ang pagtatapos ng botohan sa National and Local Elections 2022 (NLE 2022) noong Mayo 9, bilang isang mapayapa at maayos na eleksyon sa isang isinagawang press briefing araw ng Martes, ika-10 ng Mayo 2022.**

Tiniyak ni OIC, PNP sa kanyang pahayag na mananatili at handa pa rin sa kani-kanilang polling areas ang security forces na binubuo ng Philippine National Police (PNP), Armed Forces of the Philippines (AFP), at Philippine Coast Guard (PCG) hangga't kinakailangan [sila] bilang law enforcement arms ng Commission on Elections (COMELEC).

Kaugnay naman sa naitalang insidente ng kriminalidad sa buong bansa sa araw ng eleksyon, batay sa datos ng nakalap ng Directorate for Investigation and Detective Management (DIDM) ng PNP, 52 krimen ang naitala ng PNP sa mismong araw ng eleksyon na kung saan ay tanging apat lamang dito ang Election-Related Incidents (ERI).

Sa kabuuan, ayon sa datos ng PNP, may 16 na bilang ng ERI ang naitala sa buong panahon ng eleksyon na ayon kay PLtGen Danao, Jr. ay masasabing mapayapa at maayos kung ihahalintulad sa ERI na naitala noong 2019 Midterm Elections na may 60 na ERI at 133 naman noong 2012 NLE.

Samantala, umaasa naman ang heneral na pananatilihin ng mga botante ang kahinahunan sa pagpapayahag ng kanilang damdamin hinggil sa resulta ng kasalukuyang bilangan ng boto kaugnay sa kumakalat na pag-oorganisa ng kilos protesta sa harap ng tanggapan ng COMELEC.


Dagdag pa nito, "karapatan nila 'yan… Hindi namin kayo pipigilan diyan."


Subalit, paalala niya sa lahat na ang Pambansang Pulisya ay nariyan kung sakaling magdulot ang kilos protesta ng pananakit sa kapwa, pagsikip o pagtigil ng trapiko o kaya naman ay paninira ng pribado o pampublikong ari-arian.

Tugon pa niya na may nakahandang contingency plan ang PNP kasama ang AFP at PCG sa mga posibleng maganap na post-election incidents sa darating na mga oras.

Sa kabilang banda, kinilala at pinasalamatan din ni PLtGen Danao, Jr. ang lahat ng law enforcement agencies na kinabibilangan ng PNP, AFP at PCG sa pagpapanatili ng isang mapayapa at ligtas na pagsasagawa ng napakahalagang demokratikong pagkilos ng bawat isa tungo sa isang mapagkakatiwalaang pamahalaan. *(Panulat ni Pat Noel S Lopez)*

# 2 Foreign Nationals arestado ng Parañaque PNP sa paglabag sa Gun Ban




**Parañaque City — Arestado ang dalawang foreign nationals matapos mabigong magpakita ng mga legal na dokumento sa mga baril na nakita sa x-ray machine ng isang hotel sa Parañaque nitong Martes, Mayo 10, 2022.**

Kinilala ni Southern Police District Director Police Brigadier General Jimili Macaraeg, ang mga suspek na sina Andrew Too Teck Wee alyas "Andy Lozada y Lim", Malaysian National, 34, residente ng Sta, Cruz, Laguna; at Zheng Yi, 29, Chinese National, residente naman ng Makati City.

Ayon kay PBGen Macaraeg, bandang 10:53 ng gabi pumasok ang mga suspek sa entrance ng VIP Lobby ng Okada Resorts and Casino, New Seaside Drive, Barangay Tambo, Paranaque City, at inilagay ang kanilang mga bag sa tray na dumadaan sa isang x-ray machine para sa inspeksyon.

Saksi ang x-ray operator sa nakitang mga baril sa kanilang monitor sa loob ng isa sa bag ng mga suspek. Matapos dumaan sa X-Ray machine, inangkin ng suspek na si Zheng Yi ang bag na naglalaman ng baril.

Narekober sa mga suspek ang isang Taurus caliber .40 pistol model PT 24/7 Pro na may serial number na SCP38509, at limang piraso ng caliber .40 na live ammunition.

Sinubukan pa umano ng mga suspek na tumakas ngunit sila ay agad na dinampot ng mga tauhan ng Okada saka dinala sa opisina ng Okada Security para sa imbestigasyon at kaagad na itinawag sa Tambo Substation 2 para isangguni ang pangyayari.

Hinanapan ang mga suspek ng dokumento ng baril ngunit bigo umano sila na magpresenta kaya sila ay inaresto at kinumpiska ang mga baril.

"Tayo ay sumasaludo sa ating mga force multipliers sa kanilang dedikasyon sa trabaho, ito ay patunay na hindi nag-iisa ang mga pulis sa pagpapatupad ng kaayusan lalo sa panahong ito na nasa kalagitnaan pa tayo ng bilangan para sa National and Local Elections. Sa ating pulisya, binabati ko kayo sa inyong agarang aksyon sa tawag ng ating mga security officers, ako'y umaasa na magpapatuloy ang ating magandang ugnayan tungo sa tahimik na pamayanan," ani PBGen Macaraeg. *(Panulat ni PSSg Remelin M Gargantos)*

# Iba't ibang uri ng baril at pampasabog nakumpiska; 6 arestado sa Lanao del Norte



**Lanao del Norte – Iba't ibang uri ng armas at pampasabog ang nakumpiska ng Lanao del Norte Provincial Explosive Ordnance Disposal and Canine Unit sa National Highway ng Tagolo Border Checkpoint, sa Brgy. Tagolo, Sultan Naga Dimaporo, Lanao del Norte nito lamang Mayo 10, 2022.**

Kinilala ni Police Major Alwin Baclao, Officer-in-Charge, Provincial Explosive Canine Unit 10, ang mga suspek na sakay ng Toyota Hilux na may plakang S4S061 na sina Esmail Maruhom Wali, 42; Adam Mambuay Tando, 58; Fausto Calimpas Guinita, 40, pawang mga residente ng Barangay Korea, Sultan Naga Dimaporo, Lanao del Norte at Tristan Bendecion Baguio, 34, LGU Employee ng Midsalip, Zamboanga del Sur; Resil Bacsan Revillas, residente ng Brgy. Poblacion, Midsalip, Zamboanga del Sur.

Ayon kay PMaj Baclao, naaresto ang mga suspek matapos maharang sa National Highway ng Tagolo dahil sa isinagawang COMELEC Checkpoint ang kanilang sinasakyan na Toyota Hilux kulay White na may Plate No. S4S061 ng mga tauhan ng 2nd Provincial Mobile Force Company; 2005th Mech Battalion; 1005 Regional Mobile Force Battalion 10; Provincial Drug Enforcement Unit 10; Provincial Intelligence Unit 10; Criminal Investigation and Detection Group 10 at Provincial Explosive Canine Unit 10.

Dagdag ni PMaj Baclao, dahil walang maipakitang legal na dokumento kinumpiska sa mga suspek ang iba't ibang uri ng baril at pampasabog tulad ng isang pirasong CZ Scorpion SMG; 9mm SNF249581; dalawang CZ Magazines 35rounds; isang M4 Bushmaster; isang M14 Rifle Serial Number 144366; dalawang Magazine 23 rounds 7.62mm; isang Cal .45 Thomson SMG; dalawang Magazine; isang Elisco M16A1 Rifle Serial Number RP052219; isang Cal .50 Beretta; isang RPG Launcher; tatlong RPG heat Bullet; isang RPG Booster; isang Rifle Grenade; isang Cal .45 Remington Serial Number 563582; isang Cal .45 Colt Serial number M21813Z; isang piraso Cal. 45 Compact COLT MK SN735159; isang piraso. Cal.38 Smith at Wesson Revolver; 22 pcs. M16 Steel Short Magazine; anim na M16 Long Magazine; 270 rds. 5.56mm; 85 rds. 9mm; 45 rds. cal.45; 13 rds. 12 Gauge Shotgun; 12 rds. cal. 38; 5 cal. 45 Mags; dalawang 9mm Beretta Magazine; isang piraso. Cal. 50 Barret Mag; 49 rds. Cal. 50 Barret; isang piraso kutsilyo sa pangangaso; 38 pirasong Php1,000 bill; anim na pirasong 500 peso bill; dalawang pirasong Php200 bill; 13 pirasong PHp100 bill; dalawang pirasong Php50 bill at limang piraso ng Php20 bill.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 10591 in relation to Omnibus Election Code.

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy ang pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan lalo na sa panahon ng halalan. *(Panulat ni Patrolman Joshua Fajardo/ RPCADU 10)*



# OIC PNP @ UR SERBIS

*Ni PLtGen Vicente D Danao, Jr*

## Mas lalo pa nating hihigpitan ang paglilinis sa ating hanay

Sa ating tuloy-tuloy na paglilinis sa ating hanay, hindi kinukunsinte ng Pambansang Pulisya ang sinumang miyembro nito na lumalabag sa batas at nasasangkot sa mga iligal na aktibidad. Ang lahat ng mga tiwaling pulis ay may kahaharaping kaso at kaparusahan na naayon sa due process.

Alinsabay ng ating paglilinis sa komunidad sa pamamagitan ng mas pinaigting na kampanya laban sa iligal na droga, terorismo at kriminalidad ay istrikto at pinagbubuti rin natin ang paglilinis at pagsasaayos sa ating organisasyon.

Sa internal cleansing program ng ating hanay, mas lalo pa nating pinaiigtingin ang pagpapatupad nito. Mas lalo tayong magiging mahigpit, istrikto at epektibo sa pagbibigay- aksyon sa mga reklamo at kasong kinakaharap ng ating mga kasamahang pulis.

Sa pagtiyak natin nang patuloy na reporma sa ating hanay upang mas maging transparent, accountable, at may kredibilidad na organisasyon, hindi tayo magsasawa na alisin sa serbisyo ang ating mga kasamahang pulis na sangkot sa iligal na aktibidad.

Simula noong Hunyo 2016 hanggang Mayo ng taong kasalukuyan, ayon sa tala ng PNP Directorate for Personnel and Records Management, mula sa 21,306 PNP personnel, 5,652 ang natanggal sa serbisyo; 1,150 ang na-demote sa ranggo; 10,650 ang nasuspende; 853 ang may kaparusahan na pagkakaalis ng sweldo. Nasa 2,491 naman ang pinagsabihan; 222 ang mahigpit na namamalagi sa mga quarters; at 288 ang tinanggalan ng mga pribilehiyo.

Samantala, mula sa 716 na sangkot sa kaso ng iligal na droga, 504 ang tanggal sa serbisyo dahil sila ay positibo sa paggamit nito, 10 ang Police Commissioned Officer (PCOs), 479 na Police Non-Commissioned Officer (PNCOs) at 15 na Non-Uniformed Personnel (NUP).

Nasa 183 naman na binubuo ng 11 PCOs, 171 PNCOs, at 1 NUP ang na-dismiss dahil sa pagkakasangkot sa iba pang drug-related cases. Ang lahat ng datos na ito ay sumasaklaw mula noong Hulyo 2016 hanggang Nobyembre 12, 2021.

Samantala, mula Nobyembre 13, 2021 hanggang Mayo 4, 2022 ay 23 PNCOs ang tanggal sa serbisyo dahil sila ay positibo sa paggamit ng iligal na droga at 6 naman na PNCO ang na-dismiss dahil sa pagkakasangkot nila sa iba pang drug-related cases.

Ang mga datos na ito ay nagpapatunay na seryoso ang liderato ng PNP na itama ang lahat ng kamalian at parusahan ang dapat parusahan sa ating hanay dahil sa bandang huli, hindi lang ang PNP ang makikinabang dito kundi maging ang mamamayang Pilipino na ating pinagsisilbihan at pinoprotektahan.

Ipinahihiwatig din nito ang ating masidhing adhikain na maging isang mapagkakatiwalaan, may kredibilidad, at disiplinadong organisasyon na magsisilbing ehemplo para sa lahat ng ating mga kasamahan at kababayan na hindi nagpapabaya ang PNP sa ating mga kasamahang pulis na naliligaw ng landas.

Patuloy na makakaasa ang taong bayan na hindi tayo magdadalawang isip na alisin sa serbisyo ang mga tiwaling pulis sapagkat ang tulad nila ay walang puwang sa ating organisasyon. Patuloy din nating patataasin ang disiplina at integridad ng buong pwersa, at lalo pa naming pagbubutihin ang pagbibigay ng serbisyo sa ating mga kababayan.

Mananatili ang inyong pulisya na pagganap sa aming tungkulin at magbibigay nang tama at tapat na serbisyo sa ating mga mamamayan.

Nakikiusap naman ako sa ating mga mamamayan na huwag matakot na idulog o isumbong sa atin ang anumang iligal na aktibidad na kinasasangkutan ng tiwaling mga pulis sa inyong lugar para mabilis natin itong maaksyunan.

# EDITORYAL

## Halalan, payapa sa pangkalahatan

Maituturing pa ring payapa sa pangkalahatan ang katatapos lamang na botohan nitong ika-9 ng Mayo, 2022.

Kung ikukumpara ang datos o bilang ng mga election-related incident sa katatapos na halalan at mga nakalipas na halalan, mas kaunti ang naitalang insidente ngayon. Noong 2016, mayroon naitalang 133 Election-Related incidents, 60 naman noong 2019 habang 16 lamang ngayong 2022 elections.

Kabilang sa mga naitala ng Pambansang Pulisya ay ang mga pagsabog sa Sharrif Aguak, Datu Piang at Datu Unsay Maguindanao. Maging ang shooting incident sa bahagi ng polling precinct sa Pilot Elementary School, Brgy. Poblacion Buluan Maguindanao kung saan tatlong tanod ang namatay at isa ang nasugatan.

Ang mga insidenteng ito ay masusi at mahigpit na iniimbestigahan ng PNP. Hindi nagtatapos sa araw ng botohan ang trabaho ng Pambansang Pulisya. Ipagpapatuloy ng PNP ang mandato nitong magpatupad ng batas partikular na ang pagsasagawa ng masusing imbestigasyon upang mapanagot sa batas ang mga salarin sa mga insidente ng pagsabog at pagpatay ngayong halalan.

Dagdag nito, bukod sa pagsubaybay ng PNP sa mga insidenteng may kinalaman sa halalan, ang iba't ibang aktibidad ay nagpapatuloy kasama ng COMELEC, Armed Forces of the Philippines (AFP), Coast Guard, DILG, at iba pang bahagi at haligi ng ating Criminal Justice System. Kabilang na rito ang pagsasagawa ng risk at threat assessment sa mga operasyon laban sa mga masasamang elemento, mga COMELEC checkpoint at iba pang operasyon ng pagpapatupad ng batas, at mga operasyon para sa mabilis at tamang impormasyon ukol sa mga election prohibited act.

Ang mas mahahalagang aspeto ng pagpapatupad ng batas upang matiyak ang kaligtasan ng publiko ay binigyan ng lubos na prayoridad sa buong panahon ng halalan. Kaakibat nito, makakaasa ang ating mga kababayan na hindi titigil ang ating PNP Security Task Force para sa 2022 National and Local Elections sa pagsasagawa ng mga proaktibong hakbang upang maiwasan ang anumang mga insidente at isyu na may kaugnayan sa katatapos lamang na halalan.

Ipinapaabot natin ang ating taos-pusong pasasalamat sa lahat ng ating mga kapulisan, kasundaluhan, miyembro ng Philippine Coastguard, BFP, BJMP at iba pa na bumubuo sa 214,485 security na naging katuwang ng COMELEC para sa mahusay na pagbabantay at pagpapanatili ng kapayapaan sa katatapos na botohan.

Hindi rin matatawaran ang giting at kontribusyon ng ating 178,531 Force Multipliers sa buong bansa sa kanilang mahalagang papel na iugnay ang PNP sa komunidad at suportahan ang lahat ng pagsisikap ng PNP na maisulong ang payapa at malinis na eleksyon. Sa ating mga force multipliers na nag-alay ng kanilang oras upang makatuwang ng ating mga kapulisan ngayong halalan, maraming salamat sa inyo.

Makakaasa ang ating mga kababayan na sa anumang panahon, halalan man o hindi mananatiling ang PNP ay kakampi ninyo at sisiguro sa kaligtasan niyo.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## OIC PNP nagbigay ng paglilinaw sa kumakalat na viral videos kaugnay sa ating mga pulis sa Cotabato City

Muling pinaalalahanan ni PNP Officer-in-Charge, PLtGen Vicente Danao Jr., ang publiko na maging maingat at mapagmatyag sa pagharap sa mga impormasyon mula sa mga unverified sources.

Aniya, nais naming ulitin ang aming paalala sa publiko na maging maingat at huwag magpabiktima sa mga disinformation na kumakalat sa social media lalo na ngayong panahon ng katatapos lamang na halalan.

Ang PNP ay nagsagawa ng "fact-checking" sa video footage na kumakalat sa internet kung saan ipinakita ang mga pulis na pinupunit ang ilang mga election forms.

Ayon sa ulat na ating natanggap mula sa Police Regional Office (PRO) -Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM), ang mga video footage ay kuha sa Datu Ayunan Elementary School, MB Kalanganan, Cotabato City na kung saan ay nagsilbi ang mga tauhan ng PNP bilang mga miyembro ng Special Board of Election Inspectors (SBEI). Ang kanilang pagkakatalaga bilang SBEI ay para sa mga Clustered Precincts Number 69 (Precinct Numbers 0215A, 0215B, 0215C, and 0216A) ay pinahintulutan ni Atty. Nasroding M. Mustapha, Cotabato City Election Officer.

Ayon kay Cotabato City Director, PCol Rommel Javier, matapos ang pagboto at cut-off time bandang alas-7:00 ng gabi noong Mayo 9, 2022 sa kani-kanilang presinto, ang mga miyembro ng PNP SBEI ay inatasan na punitin ang hindi nagamit at mga blangkong Ballot Sheets, alinsunod sa COMELEC Omnibus Election Code – Article 17, Section 204 entitled disposition of unused ballots at the close of the voting hours. Ang nasabing pagpunit ng mga unused ballots ay sinaksihan mismo ni Ginoong Arfaj-Erven P. Ahmad, Designated Election Supervisor Officer (DESO), gayundin ang mga Official Watchers na mula sa mga ibat ibang partido ng One Cotabato at UBJP.

Kaugnay nito ay umaasa naman ang Pambansang Pulisya na ang nasabing paglilinaw at beripikadong impormasyon na ito ay maghatid ng kalinawan sa publiko alinsunod sa mga alituntunin at pamamaraan ng halalan. *(Kasama si PCpl Nechaell Hadjula, PNP PIO).*

# EDITORIAL BOARD

**PLTGEN VICENTE D DANAO, JR**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL MARVIN JOE C SARO**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Pilipinas Kong Mahal

Magandang araw po sa inyong lahat na patuloy na tumatangkilik sa aking kolum. Isang pribiliheyo na kayo po ay aking paglingkuran sa pamamagitan ng pamamahagi ng "Mabuting Balita" mula sa "Banal na Kasulatan".

Purihin ang Panginoong Diyos sa patuloy na patnubay Niya sa ating lahat. Ang pagtustos sa lahat ng ating mga pangangailangan sa araw-araw. Ang kapayapaang ating natatamasa ngayon ay dahil sa sakripisyo at paglilingkod ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas, Pambansang Pulisya at Iba`t-ibang ahensiya ng gobyerno na nagpapatupad ng batas sa ating bansa.

Salamat sa Panginoong Diyos at matagumpay nating naisagawa ang ating tungkulin nitong nakalipas na halalan 2022. Ang ating mamamayan ay may kanya-kanyang damdamin at saloobin nitong nakaraang halalan. Mayroong hindi makapaniwala na natalo ang kanilang kandidato at ang sinasabi ay, "nadaya ang kanilang kandidato." Ang iba`t-ibang sektor ng lipunan ay nanalangin, nagbantay at ginawa ang lahat ng tungkulin upang matiyak na magiging malaya, malinis, at tapat ang halalan. Salamat sa mga guro, mga boluntaryong grupo at PPCRV na nagpuyat at ginampanan nang tapat at mahusay ang kanilang bahagi sa halalan. Nalulungkot po ang inyong lingkod, dahil may mga kababayan tayong binawian ng buhay dahil sa enkwentro ng magkalabang panig at mga binaril ng mga masasamang elemento.

Kailan kaya mangyayari na walang mamamatay at mananatiling payapa ang ating halalan?

Ang halalan ay isang proseso sa ating gobyerno na malaya nating piliin ang kandidato na sa ating paniniwala ay makakatulong sa pagsulong ng kaunlaran at kapayapaan sa ating bansa. Hindi kailanman solusyon ang pagpatay ng kalaban sa halalan. May mga taong idinadaan sa dahas ang laban makamit lamang ang inaasam na puwesto sa gobyerno. May mga masasamang elemento na naghahasik ng takot sa ating kababayan upang ang mamamayan ay huwag makaboto dahil sa takot.

Ilang pamilya ang naulila sa panahong ito ng halalan?


Saludo po tayo sa Pambansang Pulisya, Sandatahang Lakas at sa lahat ng naging bahagi ng tagumpay ng halalan 2022. Ang taong bayan ay nagpasiya na at balik tayo sa ating trabaho upang gampanan ang ating tungkulin. Hindi man nagwagi ang ating kandidato ay sama-sama tayong magkaisa sa pagsulong ng ating bayan at mamamayan. Muli ay nais kong ibahagi sa inyo ang:

"Ang Pilipinas Kong Mahal"
Francisco Santiago

Ang bayan ko'y tanging ikaw
Pilipinas kong mahal
Ang puso ko at buhay man
Sa iyo'y ibibigay
Tungkulin ko'y gagampanan
Na lagi kang paglingkuran
Ang laya mo'y babantayan
Pilipinas kong hirang

Bayan sa silanga'y hiyas
Pilipinas kong mahal
Kami'y iyo hanggang wakas
Pilipinas kong mahal
Mga ninuno naming lahat
Sa iyo'y naglingkod ng tapat
Ligaya mo'y aming hangad
Pilipinas kong mahal

# Magsasaka arestado ng Palayan City PNP dahil sa pagsuot ng PNP Uniform at may dalang patalim



**Palayan City - Arestado ang isang magsasaka dahil sa pagsuot ng PNP Uniform at may dalang patalim ng Palayan City PNP nito lamang Miyerkules, Mayo 11, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Renato Morales, Chief of Police ng Palayan City Police Station, ang suspek na si Rey Malonzo y Bondoc, 33, magsasaka, residente ng Brgy. Manacnac, Palayan City.

Ayon kay PLtCol Morales, habang nagsasagawa ng COMELEC Checkpoint sa nasabing barangay, napag-alaman na ang suspek ay hindi miyembro ng Philippine National Police at narekober ang isang patalim sa kanyang bulsa.

Ang suspek ay nahaharap sa paglabag sa Article 179 of Revise Penal Code (Illegal Use of Police Uniform) at Batas Pambansa Blg 6 (Possession of Deadly Weapon) at Section 32 of RA 7166 (Omnibus Election Code). *(Panulat ni PCpl Jeselle V Rivera)*

# 2 lalaki arestado sa paglabag sa COMELEC Gun Ban sa Davao Region

**Davao Region - Arestado ang dalawang lalaki sa magkahiwalay na operasyon ng mga tauhan ng PNP sa kasong paglabag sa COMELEC Gun Ban sa Davao Region sa araw ng halalan, Mayo 9, 2022.**

Kinilala ang mga naarestong suspek na sina Jonathan Ventura, 49, residente ng Purok 9, Dalisay, Brgy. Poblacion, Mawab, Davao De Oro at Mel Karlo Sumalinab, 22, na residente naman ng Paradan Compound, Poblacion, Lupon, Davao Oriental.

Ayon kay PLtCol Clifford John Nabor, Chief, Provincial Intelligence Unit-Davao de Oro, naaresto si Ventura matapos makuhaan ng isang caliber .45 na baril habang dumadaan sa COMELEC checkpoint sa Brgy. Poblacion, Mawab, Davao De Oro.

Samantala, ayon naman kay PMaj Butch Kevin Rapiz, OIC ng Lupon Municipal Police Station, naaresto si Sumalinab dahil sa pagdadala nito ng folding knife sa Market Avenue Street, Brgy. Poblacion Davao Oriental sa mismong araw ng eleksyon.

Ang dalawang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa COMELEC Gun Ban dahil sa pagdadala ng mga nakamamatay na kagamitan.

Mahigpit pa ring ipinapatupad ng PRO 11 ang COMELEC Gun Ban sa rehiyon onse upang masiguro ang kaligtasan ng bawat isa. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*



# 3 Miyembro ng BPAT patay, 1 sugatan sa pamamaril sa araw ng halalan sa Maguindanao

Buluan, Maguindanao - Patay ang tatlo at sugatan ang isang miyembro ng Barangay Peace Keeping Action Team o BPAT matapos pagbabarilin ng hindi pa nakilalang mga suspek ngayong umaga, mismong araw ng halalan sa bayan ng Buluan, Maguindanao.


Kinilala ni PMaj Roldan Kuntong, Spokesperson, Maguindanao Police Provincial Office ang mga biktima na sina Misuari Dimapalao, Sajid Kamama at Tata Bulilo na kapwa dead on the spot sa nasabing pamamaril habang sugatan naman si Jadid ulangkaya.

Ayon kay PMaj Kuntong, nangyari ang pamamaril bandang 7:40 ng umaga sa labas ng bakod ng Datu Luminog Pilot School.

Narekober mula sa crime scene ang napakaraming basyo ng bala mula sa M16 armalite na siyang pinaniniwalaang ginamit sa nasabing pamamaril.

Ang bayan ng Buluan ay isa sa mga inilagay sa ilalim ng COMELEC Control sa lalawigan ng Maguindanao.

Nagpapatuloy naman ang imbestigasyon ng Maguindanao PNP sa nasabing insidente para tukuyin ang mga sangkot at motibo sa pamamaril. *(Panulat ni Patrolman Mark Vincent Valencia)*



# Project 4Ps ni Mario inilunsad ng Naga City PNP











**Naga City, Camarines Sur – Naglunsad ng Project 4P's ni Mario ang Naga City PNP sa Sitio Balatongan, Barangay Concepcion Grande, Naga City, Camarines Sur nitong Huwebes, Mayo 12, 2022.**

Pinangunahan ni Police Brigadier General Mario Reyes, Regional Director ng Police Regional Office 5 ang isinagawang Ceremonial Tree Planting Activity at Blessing and Turn-over Ceremony of Communal Comfort Room na may temang "Paso at Pipti para sa Palikuran sa Pamayanan" katuwang ang Philippine Army, Sangguniang Barangay ng Concepcion Grande, mga kinatawan ng iba't ibang ahensya ng gobyerno, mga pribadong sector at mga Advocacy Support Group.

Apat na Comfort Rooms (C.R.) o palikuran ang naipatayo at pormal ng ibinahagi sa mga residente ng nasabing lugar na kung saan mahigit 90 na pamilya ang makikinabang mula rito.

Pinaayos din ang poso upang mapagkuhanan ng malinis na tubig na gagamitin ng mga residente sa lugar. Ito'y naisakatuparan mula sa Php50 (Pipti) na ambagan ng mga miyembro ng Naga CMFC at parte ng pondo mula sa naibentang Paso Products at sa mga donasyon na materyales ng stakeholders.

Umabot sa 80 pamilya naman ang nabigyan ng food packs ng nasabing programa. Nagkaroon din ng pa-Raffle si PBGen Reyes sa mga residente na kung saan mahigit 20 indibidwal ang nabigyan ng kaunting halaga mula sa kabutihang loob ng ating butihing Regional Director.

Dahil sa tagumpay ng proyekto, nangako ang pribadong sektor na magpapatayo ng tatlo pang set ng palikuran sa nasabing lugar.

Magbibigay rin ng libreng Livelihood Training/Seminar ang TESDA tulad ng Basic Carpentry, Welding at Masonry sa mga kalalakihan kung saan ang magiging proyekto/output ng kanilang training ay ang pagtatrabaho ng dagdag palikuran na itatayo sa lugar.

Bibigyan rin ng livelihood training partikular ang mga kababaihan katulad ng Cake Making, Dress Making at iba pang mapagkakakitaan. *(Panulat Patrolman Rodel Grecia)*

# 6 na sakay ng tumaob na bangka, nasagip ng PNP Maritime sa Tawi-Tawi



**Tawi-Tawi - Nasagip ng Tawi-Tawi PNP Maritime ang anim na indibidwal na sakay ng isang tumaob na de motor na bangka sa Takut, Sapa-Sapa, Tawi-Tawi nito lamang Mayo 9, 2022.**

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Alvin Gumacal, Commander, 1st Special Operations Unit-MG, habang nagsasagawa ng seaborne patrol operation ang Maritime PNP ay nakita nila ang isang tumaob na bangka na may pangalang "Nurjie" na minamaneho ni Nerson Abundol sa kalagitnaan ng Sea Waters ng Sapa-Sapa, Tawi-Tawi.

Dagdag pa ni PLtCol Gumacal, ito ay kaagad nilang nirespondehan at sinagip ang mga sakay ng nasabing bangka na sina Putchong Mansari, 27; Madisan Mansari, 42; Parson Sahibil, 35; Benjamin Mansari, 29; Julmin Adi, 25; at Nerson Abundol, ang Boat Captain na pawang mga residente ng Karaha, Panglima, Sugala.

Lumalabas sa inisyal na ulat na habang patungo ang de motor na bangka sa Takut, Sapa-Sapa, Tawi-Tawi ay nakasalubong nila ang malalaking alon na naging dahilan upang tumaob ang kanilang sinasakyan.

Ligtas naman na nakarating ang mga biktima sa Takut, Sapa-Sapa, Tawi-Tawi sa tulong ng mga tauhan ng PNP Maritime.

Samantala, pinapaalalahanan naman ng PNP ang mga residente na tiyakin muna ang kalagayan ng panahon bago pumalaot sa karagatan para sa mas ligtas na paglalayag. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# Post-Election Plan kasado na ng PNP

**Camp Crame, Quezon City - Kasado na ng Philippine National Police ang post-election plan nito sa mga posibleng mangyaring gulo pagkatapos ng eleksyon ayon sa pahayag ng bagong talagang Officer-in-Charge ng PNP Police Lieutenant General Vicente D Danao Jr. kaninang umaga sa kanyang press briefing.**

**Ang kahandaan ng pulisya sa pagpapatupad nito ay upang siguraduhin na walang magiging balakid kahit na ang National and Local Elections ay tapos na.**


Binigyang linaw din ni PLtGen Danao Jr., na ang lahat ng miyembro ng PNP ay mananatili sa kanyang tungkulin bilang isang alagad ng batas, na kung sinuman ang hindi tumalima rito ay haharap sa kaukulang parusa mapa-administratibo man yan o criminal na kaso.

Kanya ring ipinahayag na hindi hahayaan ng kanyang mga tauhan na magkagulo sa kanilang mga binabantayang lugar at handa ang kanyang hanay sa pagbibigay ng seguridad sa lahat ng botante at mga tumatakbong pulitiko.

Mahigpit ding pinababantayan ni General Danao ang mga posibleng mangyari na rally o protesta pagkatapos ng botohan na maaaring humantong o magdulot ng kaguluhan lalo na ang mga supporters ng iba't ibang panig ng mga pulitiko.

Nagbabala din siya sa mga nagbabalak na magpoprotesta na gagamit ng dahas gaya na lamang ng mga naninira ng mga ari-arian, namamato, nanakit, at humihiga sa kalsada na nagiging sanhi ng matinding trapik na maaari nilang ipahayag ang kanilang mga damdamin ngunit hindi sa ganitong paraan.

"Pero if you just airing your grievances naman, kung merun man, wala namang problema yan sabi nga, we have the




freedom of speech to do it, but please do not harm anyone and do not destroy any property"," dagdag pa ni General Danao Jr. sa mga nagbabalak na mag-rally na mga supporters pagkatapos ng eleksyon. *(Panulat ni PCpl Jhoanna Marie Najera-Delos Santos)*

# PBGen Acorda: Eleksyon sa Hilagang Mindanao naging mapayapa




**Cagayan de Oro City - Idineklara ng Ama ng Rehiyon 10 na "generally peaceful" at "successful" ang pagdaraos ng 2022 National and Local Elections sa kabila ng kaunting insidente sa ilang bahagi ng rehiyon nitong Mayo 9, 2022.**


Ipinahayag ni Police Brigadier General Benjamin Acorda Jr., Regional Director ng Police Regional Office 10, na walang malalaking insidente ng karahasan na naiulat sa Hilagang Mindanao.


"May mga apprehensions tayo, power interruptions, malfunctions of vote counting machines, other reported incidents of harassments, and vote buying."


Dagdag pa ni PBGen Acorda, nakapagtala ng 78 insidente kaugnay ng COMELEC Gun Ban mula Enero 9 hanggang matapos ang halalan 2022.


"Laking pasasalamat ko sa lahat na naging instrumento ng mapayapang eleksyon, sa AFP, Coast Guard, iba pang ahensya, sa COMELEC at lalo na sa komunidad para tumugon kami sa anumang insidenteng naiulat nila," ani PBGen Acorda.


Ipinaabot din ni Regional Director Acorda ang kanyang pagpapahalaga sa lahat ng miyembro ng Police Regional Office 10 para sa matagumpay na pagpapatupad ng mandato na naging daan sa ligtas, patas at malinis na halalan sa buong Northern Mindanao. *(Panulat ni Patrolman Nicole Villanueva/ RPCADU 10)*



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Protektahan ang mamamayan laban sa mga manliligalig

Ang pagsali sa eleksyon at pagboto ay karapatan ng bawat Pilipino. Ito ay isang sagradong tungkulin ng bawat isang mamamayan na dapat gampanan ng lahat ng Pilipino upang mailuklok sa kapangyarihan ang mga mamumuno sa ating bayan. Sa ganitong proseso, pantay ang karapatan ng mahirap at mayaman, ng mga maralita at nakaririwasa, ng malalakas at mahina. Ang Philippine National Police (PNP) ang naatasang pangalagaan ang mga karapatang ito at bantayan ang sambayanan laban sa mga manliligalig.

Malinaw ang misyong ito ng PNP sa mga kasapi ng 14-man team ng 407th PPMG. Upang mapangalagaan ang kapayapaan ng eleksyon at matiyak na magiging malinis ang resulta nito, aktibong tumupad sa kanilang tungkulin ang mga kasapi ng nasabing yunit. Sa kasamaang palad, nagbuwis ng buhay ang lima sa mga kasapi nito at anim sa kanila ang malubhang nasugatan upang mabantayan ang karapatan sa pagboto ng mamamayan.

Isang linggo bago sumapit ang May 14, 2007 election, nagsagawa ng road security operation ang team ng 407th PPMG bilang paghahanda sa isang nakatakdang miting de avance ng isang kandidato na humingi ng security assistance. Kasalukuyang binabagtas ng PNP patrol pick-up ang isang kalsada nang biglang yanigin ito ng pagsabog dahil sa isang landmine na itinanim ng mga manliligalig na NPA.

Tumaob ang sasakyan ng mga pulis. Mistulang papel na nilukot ang harapan ng patrol dahil sa impact ng pagsabog ng landmine. Sa kabila ng mga tinamong sugat at pinsala sa katawan, buong giting na gumanti ng putok ang mga pulis. Tumagal ng limang minuto ang palitan ng putok sa pagitan ng mga kasapi ng 407th PPMG at mga NPA. Gaya ng dati, biglang nagpulasan paatras at tumakas ang mga NPA matapos mahinuhang mataas pa rin ang morale at hangaring lumaban ng mga pulis.

Sa pagkapawi ng usok ng pulbura, itinanghal sa bantayog ng kagitingan ng PNP ang mga bangkay nina PSSgt Leonardo Medilla, PCpl Nelson Barrientos, PCpl Gabriel Ordanes, PCpl Rommel Caleze at PCpl Alberto Hilario. Sugatang magigiting naman sina PSSgt Elmer Legayada, Pat Ronnie Rivera, PCpl Joel Viscarra, PSSgt Mario Barbosa, PCpl Villaflores at PCpl Alvarez. Suwerteng nakaligtas sa ambush ang tatlo pa nilang kasamahan.

Dahil sa malagim na pangyayari, lalong tumingkad sa mata ng mamamayan ng Mindoro ang marahas na mukha ng terorismo. "Bakit kailangang gawin ito ng mga NPA? Bakit kailangan nilang pumatay ng mga taong walang kasalanan?" Ang mga katanungang ito ang nanahan sa isip ng tahimik na mamamayan ng lalawigan. Ang paggamit ng landmine ay ipinagbabawal ng GENEVA Convention at ng Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law (CAHRIHL). Bukod dito, pinag-ibayo rin ng NPA ang kanilang extortion activities kagaya ng Permit to Campaign at Permit to Win sa mga kandidato. Sa kabila ng karahasang inihahasik ng mga NPA sa mamamayan, tahimik namang nagluksa ang mga kaanak at kasamahan ng mga nasawing pulis. Sa bawat pagluha at hinagpis ng mga naulila, matimyas na ngiti naman ng pasasalamat ang pabaon ng sambayanan sa kanilang mga tagapagpatupad ng batas.

Paalam, mga tunay na Pulis Ng Pilipino!

# 3 Timbog sa "Vote Kulong" ng PRO 10



**Cagayan de Oro City - Timbog ang tatlong suspek sa mismong araw ng halalan sa magkahiwalay na operasyon ng Regional Special Operations Unit 10 nito lamang Lunes, Mayo 9, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Benjamin Acorda Jr, Regional Director ng Police Regional Office 10, ang mga suspek na sina Leve G. Rubio, Romer S. Plaza, at Roy Abe A. Acot.

Ayon kay PBGen Acorda, si Rubio ay kasalukuyang nakatira sa Purok 1D, Kuya Maramag, Bukidnon na naaresto sa paglabag ng Article 250 ng Revised Penal Code at may rekomendadong piyansa na Php200,000.

Samantala, arestado si Plaza na residente ng P-3 Hermano, Balingasag, Misamis Oriental sa kasong Estafa.

Kalaboso naman si Acot na residente ng P-2, Binitinan, Balingasag, Misamis Oriental sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Theft.

"Malaking tulong ang paggawa ng Project na ito for they were able to capture people with existing warrants of arrest. Kahit pa man eleksyon, hindi pa rin natin hahayaan na makaligtas ang may mga kasalanan sa ating batas," ani PBGen Acorda. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville Ortiz)*

# Most Wanted Person sa Kasong Incestuous Rape, arestado sa Occidental Mindoro

**Sablayan, Occidental Mindoro - Arestado ang Top 17 Most Wanted Person (Municipal Level) sa kasong Incestuous Rape ng puwersa ng PNP noong Huwebes, Mayo 12, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Simeon Gane Jr, Provincial Director ng Occidental Mindoro Police Provincial Office ang suspek na si Carlito Tolentino Malicse Jr, 43, kasalukuyang naninirahan sa Sitio Palaisdaan, Brgy. Balite 1st, Silang, Cavite at residente ng Brgy. Sto Niño, Sablayan, Occidental Mindoro.

Ayon kay PCol Gane Jr, inaresto ang suspek bandang 3:55 ng hapon ng mga tauhan ng Sablayan Municipal Police Station (Lead Unit) at Naic Municipal Police Station.

Ayon pa kay PCol Gane Jr, naaresto si Malicse sa bisa ng Warrant of Arrest para sa krimen na Incestuous Rape kaugnay ng RA 7610 o Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act (3 counts) na walang inirekomendang piyansa.

Ang Pambansang Pulisya ay hindi titigil sa kampanya laban sa pagsugpo sa kriminalidad, droga at terorismo para sa kaligtasan at kapayapaan ng mamamayan at ng bansa. *(Panulat ni Patrolman Erwin Calaus)*




# Top 1 Most Wanted Person ng Romblon, arestado sa PNP Joint Law Enforcement Operation

**Romblon - Huli ang Top 1 Most Wanted Person (MWP) ng Romblon sa joint law enforcement operation ng PNP sa España, San Fernando, Romblon noong Sabado, Mayo 7, 2022.**

Kinilala ni PCol Raynald Rosero Provincial Director, Romblon Police Provincial Office ang suspek na si Eddie Reaño Mangao, 53, tubong España, San Fernando, Romblon.

Ayon kay PCol Rosero, si Mangao ay naaresto sa joint law enforcement operation na pinangunahan ng San Fernando Municipal Police Station, kasama ang mga operatiba ng Provincial Intelligence Unit ng Romblon PPO at Regional Intelligence Unit 4B sa nasabing lalawigan.

Ayon pa kay PCol Rosero, nahuli si Mangao sa bisa ng Warrant of Arrest dahil sa krimen na 2 counts of Statutory Rape na walang inirekomendang piyansa.

Ang Pambansang Pulisya ay hindi titigil sa kampanya laban sa pagsugpo sa kriminalidad, droga at terorismo para sa kaligtasan at kapayapaan ng mamamayan at ng bansa. *(Panulat ni Patrolman Joebet Balana)*

## 2 Most Wanted Person sa kasong Frustrated Homicide, arestado ng Lipa PNP

**Lipa City, Batangas - Arestado ang dalawang Most Wanted Person sa isinagawang manhunt operation ng Lipa PNP nitong Miyerkules, Mayo 11, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Ronald Cayago, Chief of Police ng Lipa City Police Station, ang dalawang suspek na sina Raymond Mahiya y Bagacay, 24, walang trabaho at Jerome Mahiya y Bagacay, 26, walang trabaho, pawang mga residente ng Brgy. Lumbang, Lipa City, Batangas.

Ayon kay PLtCol Cayago, bandang 12:23 ng hapon naaresto ang mga suspek sa nasabing barangay ng mga operatiba ng Lipa City Police Station sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Frustrated Homicide.

Ang tagumpay ng Lipa City PNP laban sa mga taong may pananagutan sa mga batas ay dahil sa suporta at pakikipagtulungan ng mga miyembro ng Barangay Information Network na nagbibigay ng tama at matibay na impormasyon para ilagay sa likod ng rehas ang may sala sa batas. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon)*

# NPA member arestado sa mismong araw ng halalan






**Leon, Iloilo - Arestado ang isang kasapi ng New People's Army sa operasyon ng Iloilo PNP sa Barangay Jamog-Gines, Leon, Iloilo nitong araw mismo ng halalan, Lunes, Mayo 9. 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Adrian Acollador, Acting Provincial Director ng Iloilo Police Provincial Office, ang suspek na si Victoria Tumabiao, asawa ni Ricky Tumabiao na isang ring kasapi ng NPA, Vice Secretary ng District Committee II, Southern Front, ng Komite Rehiyon – Panay ng NPA.

Ayon kay Police Colonel Acollador, sa bisa ng Search Warrant, matagumpay na nakumpiska ng mga operatiba ng Iloilo PNP ang isang carbine at magazine na may 14 ammunitions; isang homemade shotgun at magazine na may tatlong ammunitions; isang C-type Improvised Device; at propaganda materials ng Communist Terrorist Group (CTG) NPA.

Ito ay matapos makatanggap ang mga operatiba ng sunod sunod na intelligence report tungkol sa pagtatago ng mga baril at aktibong pagsuporta ng mag-asawa sa teroristang grupo na NPA.

Si Victoria ay agad namang dinala sa Leon Municipal Police Station na isasailalim sa inquest proceedings habang nakatakas naman ang kanyang asawa na si Ricky Tumabiao.

Pinasalamatan naman ni Iloilo Top Cop, Police Colonel Acollador ang publiko sa pagbibigay ng agarang impormasyon sa kapulisan na nagresulta sa matagumpay na pagkaaresto ng suspek at pagkakumpiska ng mga ilegal na baril.

# Lider ng NPA, pinatay ang kasamahan sa kilusan sa Davao de Oro




**Mawab, Davao de Oro - Pinatay at inilibing ng mataas na lider ng New People's Army (NPA) na si Eric Jun Casilao alyas "Ellian" ang kanyang pabigat na kasamahan sa Purok 8, Libuton, Brgy. Andap, New Bataan, Davao de Oro noong buwan ng Abril, 2022.**

Ito ang pinatotohanan ni alyas "Vina", squad supply officer ng Regional Operations Command (ROC) ng Communist Terrorist Group (CTG) na sumuko sa gobyerno noong Abril 27, 2020, kung saan inihayag nito na si Crispin Rollon alyas "Jeffrey", 52, ay pinatay ng kanilang lider dahil ito ay pabigat na sa kanila habang sila ay tumatakas sa isinasagawang Focused-Military Operations ng 10th Infantry Division, PA.

Ayon kay alyas "Vina", dahil sa sobrang gutom ay nanghina si Jeffrey at hindi na makalakad kaya binugbog nalang siya at sinakal ni Ka Ellian hanggang sa mamatay ito at inilibing sa may Andap.

Ito ay patunay at nagpapakita lamang ng hindi makataong pagtrato ng NPA sa kanilang mga kasamahan na hindi na napapakinabangan.

Matapos ang kanyang rebelasyon ay kaagad na nagsagawa ng joint operation ang 66th Infantry Battalion under Lieutenant Colonel Julius Munar kasama ang mga tauhan ng New Bataan Municipal Police Station at Municipal Disaster Response Team na nagresulta sa pagkakahukay sa bangkay ni Rollon nito lamang Miyerkules, Mayo 11, 2022.

Si Casilao ay kasalukuyang kalihim ng Southern Mindanao Regional Committee ng CTG na may maraming kasong kriminal mula sa kidnapping at serious illegal detention hanggang sa ilang bilang ng pagpatay. Mayroon din siyang Php5.4 milyon na reward mula sa Department of National Defense – Department of Interior and Local Government Joint Order of Reward. *(Panulat ni Police Corporal Mary Metche Moraera)*

# Grupo ng mga sibilyan, pinagbabato ang PNP habang nagsesecure ng VCMs sa Cotabato City



**Cotabato City - Sumiklab ang kaguluhan nang pinagbabato ng mga grupo ng mga sibilyan ang mga tropa ng gobyerno sa loob ng ORG Compound partikular na sa COMELEC office sa Brgy. Rosary Heights 7, Cotabato City nito lamang Mayo 7, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Romel Javier, City Director, Cotabato City Police Office ang biktima na si Police Lieutenant Colonel Glenn Mar Avisa, 40, Operation Officer ng CCPO City Tactical Operation Center.

Ayon kay PCol Javier, nagsimula ang kaguluhan pasado alas-9 ng gabi habang inilalabas nila ang Vote Counting Machines.

Nagkaroon naman agad ng karagdagang puwersa ng PNP upang tumulong na maibalik ang kapayapaan at kaayusan sa lugar.

Kaagad namang napigilan ng Civil Disturbance Management Contingent ng CCPO ang nasabing grupo at mabilis na humupa ang tensiyon sa lugar.

Ang lahat ng Vote Counting Machines ay naka-secure na sa loob ng opisina ng COMELEC at dadalhin sa kani-kanilang polling precinct kung saan sisiguraduhin ng PNP na mabantayan ito. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# 7 indibidwal arestado sa pananakit sa 1 Board of Election Inspector at 2 watchers sa Maguindanao

**Datu Piang, Maguindanao - Arestado ang 7 indibidwal dahil sa 'di umano'y pananakit sa isang Board of Election Inspector Chairman at dalawang watchers sa loob ng polling precinct sa Datu Piang National High School, Brgy. Buayan, Datu Piang, Maguindanao noong Mayo 9, 2022.**

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Armando Aliwan, Chief of Police ng Datu Piang Municipal Police Station, ang pitong suspek ay biglang pumasok sa polling precinct ng nasabing paaralan at pinagsasaktan ang isang Board of Election Inspector Chairman at dalawang poll watchers.

Nagtamo ng mga sugat ang mga biktima na kaagad na dinala sa Abpi-Samama Lying in Medical Hospital upang gamutin.

Dagdag pa ni PLtCol Aliwan, naaresto ang mga suspek at nasa kustodiya na ng Datu Piang MPS habang inihahanda na ang kaukulang dokumento upang sampahan ng kaukulang kaso.

Nagpatuloy naman ang pagboto sa nasabing polling precinct kung saan ang mga tauhan ng PNP ang nagsilbing Board of Election Inspectors na pinahintulutan naman ng COMELEC.

Pinuri ni Police Brigadier General Arthur Cabalona, Regional Director, Police Regional Office Bangsamoro Autonomous Region ang mabilis na pagresponde ng mga awtoridad ng pulisya at militar na nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek na nagtangkang sumabotahe sa pagsasagawa ng halalan sa bayan ng Datu Piang. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# 38 Former rebels, bumoto sa unang pagkakataon sa Davao City



**Davao City - Matagumpay na nakaboto ang 38 former rebels ng Sitio Sandunan, Barangay Tamugan, Marilog District, Davao City sa kauna-unahang pagkakataon sa Kanacan Elementary School, General Roxas Dist., Davao City, ngayong araw, Mayo 9, 2022.**

Matapos ang mahabang panahon, naging ganap na mga botante ang 38 former rebels sa pangunguna ni Bae Aida Siesa sa tulong ng Revitalized-Pulis sa Barangay ng Police Regional Office 11 na siyang nag-asikaso sa kanilang pagpaparehistro.

Hindi naging hadlang ang 16 na kilometrong layo mula sa kanilang komunidad upang bumaba sa kabundukan at gamitin ang kanilang karapatan sa pagboto at piliin ang mga tamang tao bilang tanda ng kanilang katapatan sa kanilang pagbabalik-loob sa gobyerno.

Nagpahayag naman ng taos pusong pasasalamat si Bae Aida Siesa sa R-PSB na nagbigay daan upang sila ay makaboto gayundin sa mga electoral board na umasiste sa kanila sa nasabing polling precinct.

Umuwi ang 38 dating rebelde dala ang pag-asa at kumpiyansa na maihahalal ang kanilang mga napiling kandidato para sa mas maayos na pamumuno sa bansa.

Patuloy ang pamunuan ng PRO11 sa pamumuno ni PBGen Benjamin Silo Jr. sa paghikayat at pagtanggap sa ating mga kapatid na naligaw ng landas at magbalik loob sa gobyerno upang magkaroon ng panibagong buhay. *(Panulat ni PCpl Mary Metche A Moraera)*

# 2 NPA boluntaryong sumuko sa Agusan del Sur PNP





**Agusan del Sur - Boluntaryong sumuko ang dalawang miyembro ng New People's Army (NPA) sa mga otoridad sa Patin-ay, Prosperidad, Agusan del Sur nito lamang Huwebes, Mayo 12, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Jovito Canlapan, Acting Provincial Director ng Agusan del Sur Police Provincial Office, ang dalawang sumuko na sina alyas "Jasper" at alyas "J-4".

Dagdag pa ni PCol Canlapan, bandang 9:45 ng umaga sumuko si Jasper sa mga tauhan ng Provincial Intelligence Unit. Si Jasper ay kasalukuyang nakatira sa Purok 6, Brgy San Pedro, San Luis, Agusan del Sur at tinaguriang Vice Team Leader ng Squad 1, Platoon 1, Sandatahang Yunit Pampropaganda, Dismantled Guerilla Front (DGF) 88, North Eastern Mindanao Regional Committee (NEMRC).

Samantala, bandang 9:45 ng umaga naman nang sumuko si "J-4" na residente ng Purok 6, Brgy. Don Alejandro, San Luis, Agusan del Sur na miyembro din ng DGF 88, North Eastern Mindanao Regional Committee (NEMRC).

Boluntaryo ding sinuko ni J-4 ang isang homemade revolver caliber .38mm.

Ang pagsuko ng dalawang miyembro ng NPA ay pagpapakita ng magandang resulta ng pursigidong pagkumbinsi ng pamahalaan katuwang ang PNP sa mga teroristang grupo na tigilan na ang terorismo at magbalik loob sa gobyerno. *(Panulat ni Patrolman Jhunel Cadapan/RPCADU13)*

# 15 katao, inaresto ng Biliran PNP sa paglabag ng liquor ban




**Biliran, Leyte - Inaresto ng Biliran Police Provincial Office ang labinlimang lumabag sa liquor ban sa tatlong magkakahiwalay na operasyon sa munisipalidad ng Almeria at Naval, Biliran noong Mayo 8, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Joel Serrano, Acting Provincial Director ng BPPO, ang mga nasabing operasyon ay naaayon sa Article XXII (Omnibus Election Code) sa ilalim ng Resolution No. 10746 ng Commission on Elections (COMELEC) na nagpapataw ng pagbabawal sa pagbebenta, pagbibigay, pag-aalok, pagbili, paghahatid o pag-inom ng nakalalasing na alak sa panahon ng Mayo 8-9, 2022 kaugnay ng May 9, 2022 National at Local Elections.

Ayon pa kay PCol Serrano, ang nasabing mga operasyon ay binubuo ng magkasanib na mga operatiba mula sa COMELEC, Biliran Province sa pangunguna ni Atty. Sabino C Mejarito, Provincial Election Supervisor; Biliran Police Provincial Office sa pangunguna ni PLt Benigno Avila; 93rd IB, Philippine Army, sa pangunguna ni 2nd Lt Alvin Christian G Flores, Bravo Coy Executive Officer; Naval MPS sa pangunguna ni PMaj Rayn C Delima, OIC; Almeria MPS sa pangunguna ni PLt Edwin Simbajon, OIC; at mga tauhan mula sa Biliran Provincial Mobile Force Company sa pangunguna ni PSSg Johnny Aragon.

Bandang ala- 1:20 ng madaling araw ng May 8, 2022, nagsagawa ng Liquor Ban operation ang mga operatiba sa Sto. Rosario, Naval, Biliran na nagresulta sa pagkahuli ng apat na indibidwal.

Sa parehong araw, dakong 1:50 AM, nagsagawa ng Liquor Ban operation ang parehong mga operatiba sa Brown Beach, Brgy. Agpangi, Naval, Biliran na nagresulta sa pagkahuli ng walong indibidwal.

Kaugnay nito, alas-3:30 ng madaling araw ng parehong araw, isa pang operasyon ang isinagawa na nagresulta sa pagkakaaresto sa tatlo pang indibidwal sa Brgy. Pulang Bato, Almeria, Biliran.

Pinaalalahanan naman ni PCol Serrano ang lahat na sumunod sa mga alituntunin at regulasyon ng Commission on Election (COMELEC) na huwag gumawa/lumabag sa anumang probisyon ng batas at maging isang mamamayang sumusunod sa batas. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*

# Mahigit Php4M halaga ng marijuana narekober ng Tabuk City PNP



**Tabuk City, Kalinga - Tinatayang Php4,080,000 halaga ng marijuana ang narekober ng Tabuk City PNP sa Nambaran Junction, Tabuk City, Kalinga bandang 12:25 ng gabi nito lamang Mayo 7, 2022.**

Ayon kay Police Brigadier General Ronald Oliver Lee, Regional Director ng Police Regional Office Cordillera, habang nagsasagawa ng anti-criminality checkpoint ang mga tauhan ng Kalinga City Police Station, isang TMX Honda tricycle na may plakang QY 2347 ang minamaneho ng hindi pa nakikilalang driver ang umiwas at tumakas sa nasabing checkpoint na agad naman itong hinabol ng mga kapulisan.

Ayon pa kay Police Brigadier General Lee, inabandona ng drayber ang minanehong tricycle sa nasabing junction kung saan nadiskubre ang 34 dried marijuana bricks na may tinatayang bigat na 34,000 gramo at nagkakahalaga ng Php4,080,000.

Dagdag pa ni Police Brigadier General Lee, hindi pa rin matukoy ang pagkakakilanlan ng tricycle driver ngunit patuloy ang imbestigasyon para mahuli ang salarin.

Ang Tabuk City PNP ay lalo pang paiigtingin ang kampanya kontra ilegal na droga para maiwasan ang paglaganap ng mapapariwarang buhay ng mamamayan lalo na sa mga kabataan. *(Panu)lat ni Patrolman Josua Reyes)*

# 5 arestado sa magkahiwalay na buy-bust ng SPD

**Southern Police District — Arestado ang limang suspek sa dalawang magkasunod na buy-bust operation sa Muntinlupa at Taguig City nito lamang Martes, Mayo 10, 2022.**

Ayon kay Police Brigadier General Jimili Macaraeg, District Director ng Southern Police District, dakong 10:15 ng gabi, nahuli ang dalawang suspek sa San Guillermo St., Brgy. Bayanan, Muntinlupa City ng mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng Muntinlupa City Police Station.

Kinilala ni PBGen Macaraeg ang mga suspek na sina Nikka Carmona y Dagaas, 31, at Irene Larra Villanueva y Bataller alyas "Leng", 31, pawang mga residente ng Muntinlupa City.

Nakuha sa mga suspek ang apat na heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na may kabuuang timbang na higit kumulang 10 gramo na may Dangerous Drugs Board value na aabot sa Php68,000 at isang genuine Php500 na ginamit bilang buy-bust money.


Samantala, sa Taguig City naman, timbog ang tatlong suspek bandang 10:30 ng gabi sa isinagawang Oplan Galugad ng Sub-Station 8, Taguig CPS sa kahabaan ng Block 1 Purok 13, Barangay South Daang Hari.

Dito ay kinilala ang mga suspek na sina Rene Gutierez y Bagtas, 36 ; Sherely Santos y Montanez, 42; at Ramil Guira y Altar, 28, pawang mga residente ng Taguig City.


Narekober mula sa mga suspek ang tatlong heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na humigit-kumulang 3.07 gramo ang bigat na tinatayang nagkakahalaga ng Php20,876.

Mahaharap ang lima sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"Yes, we are still securing the counting of election returns but I believe that we should not stop in our campaign against illegal drugs, ang ating mga pulis ay patuloy pa rin na nagbabantay sa kalakalan ng ilegal na droga sa ating nasasakupan kasabay ng pagbabantay ng bilang. Gusto kong batiin ang ating mga pulis on the ground sa masipag na paglilingkod at tuloy-tuloy na pagbibigay ng serbisyo publiko," ani PBGen Macaraeg. (Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)



# Php1.1M halaga ng shabu nakumpiska ng Bacolod City PNP, 2 arestado




**Bacolod City - Tinatayang nasa 174 grams ng shabu na may Standard Drug Price na Php1,183,200 ang nakumpiska ng Bacolod City PNP sa isang buy-bust operation sa Bacolod City nito lamang Biyernes ng madaling araw, Mayo 13, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Thomas Joseph Martir, City Director ng Bacolod City Police Office, ang mga suspek na sina Pearl Je-Ann Elera, 26 at Riegel Troy Quimba, 20, parehong mga High Value Individual at residente ng Purok Kapawa, Barangay Punta, Taytay, Bacolod City.

Ayon kay Police Colonel Martir, nakumpiska ng mga operatiba ng Bacolod City Police Office City Drug Enforcement Unit sa mga suspek ang Php1,500 na marked money, Php200 cash proceed, isang sling bag, 32 piraso ng heat-sealed transparent plastic sachet ng hinihinalang shabu at isang knot-tide transparent plastic bag na naglalaman din ng parehong ipinagbabawal na droga.

Ang mga suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa R.A. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala pinuri naman ni PCol Martir ang mga operatiba sa matagumpay na drug buy-bust operation at patuloy pang hinimok ang publiko na makipagtulungan sa PNP upang matuldukan ang problema na may kaugnayan sa mga ipinagbabawal na droga at iba pang uri ng krimen sa nasabing lungsod.

# Php900K halaga ng shabu nasabat; 2 HVI arestado sa PNP buy-bust sa Davao City

**Davao City - Tinatayang Php900,000 halaga ng hinihinalang shabu ang nasabat mula sa dalawang suspek sa isinagawang buy-bust operation ng PNP sa Brgy. Catalunan Grande, Davao City, nitong Miyerkules, Mayo 11, 2022.**

Kinilala ni PMaj Reuben Libera, Chief ng Special Operation Group/City Drug Enforcement Unit, ang mga suspek na sina Jimson Richa Abaruez, 38, residente ng Upper Lacson, San Miguel, Brgy. Gumalang, Baguio District at Emmanuel Toquero Grancho, 48, residente ng Brgy. Tugana, Carmen, Davao del Norte at parehong tinaguriang Top 5 High Value Individual sa Regional Level.

Ayon kay PMaj Libera, naaresto ang mga suspek sa pinagsamang tauhan ng SOG/CDEU at Talomo Police Station matapos mahuli sa akto na nagbebenta ng ilegal na droga.

Dagdag pa ni PMaj Libera, nakuha mula sa mga suspek ang dalawang malalaking pakete ng hinihinalang shabu na may bigat na humigit kumulang 57.5 gramo at may tinatayang street market value na Php900,000 at marked money na ginamit sa operasyon.

Nasa kustodiya na ng nasabing istasyon ang mga suspek upang sampahan ng kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Pinuri naman ni PBGen Benjamin Silo Jr., PRO11 Regional Director, ang mga tauhan nito sa kanilang matagumpay na operasyon kontra ilegal na droga kung saan mas paiigtingin pa ng pamunuan ang mga operasyon sa pakikipagtulungan na rin ng mga mamamayan. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.19 * Mayo 7 - 13, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

## Community Outreach Program sa Caloocan City, isinagawa ng NCRPO





**Caloocan City — Nagsagawa ng Community Outreach Program ang National Capital Region Police Office (NCRPO) para sa mga residente ng Brgy. 176 sa Caloocan City bandang alas-9:00 ng umaga ng Huwebes, Mayo 12, 2022.**

Ito ang ikatlong barangay-beneficiary ng Community Outreach Program na isinagawa ng RCADD sa panahon ng post-election sa pangangasiwa ni RCADD Chief, Police Colonel Romy Palgue at ni Regional Director Police Major General Felipe Natividad.

Ang aktibidad ay dinaluhan ng RCADD Team at RMFB sa pangunguna ni Deputy Force Commander Police Lieutenant Colonel Wilmar Binag; Police Lieutenant Colonel Bernabe Irinco, ACOPO, Caloocan CPS; Police Lieutenant Marcelino Pino, Chief, CAS, JTF-NCR; at RCSP Team 3 sa pangunguna ni PSSg Pellogan at ni Hon. Joel S. Bacolod, Chairman ng Brgy. 176.

Humigit-kumulang 300 na benepisyaryo ang nabigyan ng libreng almusal at food packs sa lugar at namahagi rin ng mga handbook at flyers na naglalaman ng mahalagang impormasyon at hotline number ng mga ahensya sa Lungsod.

Samantala, nagbigay naman ng testimonya ang dating miyembro ng CTG na si Danmer John De Guzman kung saan kanyang sinalaysay ang buhay niya sa makakaliwang organisasyon at piniling magbalik-loob sa gobyerno.

Nakipagtalakayan din si PCol Palgue sa ilan sa mga residente at tinitiyak nyang ipagpapatuloy ng pulisya ang mga aktibidad na ito para sa kanila.

Ang programang ito ng NCRPO ay naglalayon na mapalalim at mapatatag ang relasyon ng komunidad sa kapulisan nang maipadama sa mga mamamayan ang pagmamahal na mula sa gobyerno upang sila'y malihis sa mga negatibong sentimyento at maling ideolohiya ng terorismo. *(Panulat ni PSSg Remelin M Gargantos)*

## Community Outreach Program at Clean-up Drive pinangunahan ng Antipolo PNP





**Antipolo City - Nagsagawa ng community outreach program at clean-up drive ang Antipolo PNP sa Mystical Cave, Sitio Bubukal, Barangay San Luis, Antipolo City nitong 7:00 ng umaga ng Sabado, Mayo 7, 2022.**


Pinangunahan ito ng Antipolo City Police Station sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel June Paolo Abrazado, Chief of Police.

Nakiisa sa aktibidad ang Bureau of Jail Management and Penology, mga miyembro ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo - Antipolo Chapters at Barangay Health Workers ng Brgy. San Luis.

Tinatayang 100 pamilyang naging benepisyaryo na kabilang sa mga 4Ps na kung saan nabiyayaan ng mga food packs at vitamins.

Patuloy na magsasagawa ang PNP ng ganitong mga aktibidad upang mapangalagaan at mapreserba ang kagandahan ng kalikasan at mamulat ang mamamayan sa mga magagandang programa at serbisyo ng gobyerno para sa bayan. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon)*

## Clean-up Drive isinagawa ng 1st Isabela PMFC



San Mariano, Isabela - Nagsagawa ng Clean-up Drive ang mga tauhan ng 1st Isabela Provincial Mobile Force Company sa kahabaan ng San Mariano, Isabela nitong Huwebes, Mayo 12, 2022.

Idinaos ang aktibidad sa pangunguna ni Police Lieutenant Colonel Jeffrey Raposas, Force Commander ng 1st Provincial Mobile Force Company at sa pangangasiwa ni Police Lieutenant Jayson Collawit, Platoon Leader.

Binunot at tinabas ng mga kapulisan ang mga malalago at makakapal na mga damo sa nasabing lugar.

Bukod dito, nagwalis at namulot din ng mga plastic waste.

Ang aktibidad na ito ay naglalayong maprotektahan, mapangalagaan ang kapaligiran at upang maipalaganap ang environmental awareness para sa malinis at mas ligtas na tirahan at palakasin ang ugnayan ng PNP at ng komunidad.

Patuloy na hinihikayat ng Pambansang Pulisya ang mga mamamayan na makiisa at makilahok sa mga programang inilulunsad ng pamahalaan upang mapanatili ang kagandahan ng ating Inang Kalikasan. *(Panulat ni Patrolwoman Juliet Dayag)*

